



San Francisco Department of Public Health

Mga Madalas Itanong para sa Mga Manggagawang Dapat Mag-isolate o Mag-quarantine Dahil sa COVID-19

Na-update noong Nobyembre 20, 2020

Na-update ang dokumentong ito para maisama ang na-update na paglalarawan sa “close contact,” magbigay ng bago/karagdagang impormasyon sa mga available na resource, at mabigyang-linaw kung ano ang dapat gawin kung mayroon kang COVID-19 pero hindi masama ang pakiramdam mo.

AUDIENCE: Mga manggagawang hiniling na mag-quarantine o mag-isolate dahil nagkaroon sila ng malapitang pakikipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19 o sila mismo ay na-diagnose na may COVID-19.

BACKGROUND: Ang pagdating ng COVID-19 ay nagdulot ng ilang bagong Pederal, Pang-estado, at Lokal na batas na tutulong sa mga manggagawa na dapat “mag-isolate” dahil na-diagnose sila ng COVID-19 o “mag-quarantine” dahil nagkaroon sila ng malapitang pakikipag-ugnayan sa isang taong na-diagnose ng COVID-19.

Mga Madalas Itanong

1) Bakit ko kailangang lumiban sa trabaho na may kaugnayan sa COVID-19?

- **Kung na-diagnose na mayroon kang COVID-19**, kinakailangan mong mag-self isolate at huwag pumasok sa trabaho sa loob ng hindi bababa sa 10 araw (ang pinakamaikling posibleng panahon ng pag-isolate) at hanggang hindi ka pa nagkakalagnat sa loob ng 24 na oras (nang hindi umiinom ng gamot na pampababa ng lagnat) at mas maganda na ang pakiramdam mo gaya ng nakasaad sa www.sfgdcp.org/rtw. Kung hindi ka makakapag-telework, inaatasan ang iyong employer na payagan kang huwag pumasok sa trabaho habang inaatasan kang mag-self isolate.
- **Kung malapitan kang nakipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19**, inaatasan kang mag-self quarantine at huwag pumasok sa trabaho sa loob ng 14 na araw (ang pinakamaikling panahon ng quarantine) simula noong huling beses kang malapitang nakipag-ugnayan sa taong iyon. Nalalapat ang mga pagbubukod para sa ilang partikular na manggagawa: tingnan ang www.sfgdcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines o www.sfgdcp.org/i&q para sa iba pang wika. Kung hindi ka makakapag-telework, dapat kang payagan ng iyong employer na huwag pumasok sa trabaho habang inaatasan kang mag-self quarantine.
- Ang “**close contact**” ay isang taong nagkaroon ng alinman sa mga uri ng contact sa isang taong may COVID-19 (naka-mask man o hindi ang tao) habang siya ay “**nakakahawa**”: 1) nasa loob ng 6 na talampakan ang layo mula sa taong may COVID-19 sa kabuuan ng 15 minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras na panahon; 2) tumira o nanatili buong magdamag kasama ang isang taong may COVID-19; 3) intimate na partner sa pakikipagtalik ng isang taong may COVID-19, kasama ang paghalik lang; 4) nag-alaga o inalagaan ng isang taong may COVID-19; 5) nagkaroon ng direktang contact sa mga likido o secretion sa katawan ng isang taong may COVID-19 (hal. naubuhan o nabahingan, o nakipaghiraman ng mga kagamitan sa pagkain o pag-inom).

Ang mga taong may COVID-19 ay itinuturing na “**nakakahawa**” simula 48 oras bago magsimula



San Francisco Department of Public Health

ang mga sintomas hanggang sa 1) hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas simula nang mag-umpisa ang kanilang mga sintomas, 2) hindi sila nagkaroon ng lagnat nang hindi bababa sa 24 na oras AT 3) bumuti ang kanilang mga sintomas. Itinuturing na nakakahawa ang taong may COVID-19 na hindi nagkaroon ng mga sintomas simula 48 oras bago nakuha ang kanyang positibong pagsusuri para sa COVID-19 hanggang 10 araw matapos siyang masuri.

2) Puwede bang mawalan ako ng trabaho o mabawasan ang mga oras ko kung may sakit ako at hindi ako makapasok sa trabaho?

- Maraming batas ang Estado ng California na nagpoprotekta sa iyo. Kung pakiramdam mo ay pinaparusahan ka ng iyong employer dahil hindi ka makapagtrabaho, o dinidiskrimina ka niya, makikita ang impormasyon sa www.dir.ca.gov/dlse/HowToFileLinkCodeSections.htm.
- Ang Madalas Itanong (Frequently Asked Question, FAQ) tungkol sa COVID-19 ng Departamento ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay ng California ay may factsheet sa www.dfeh.ca.gov/wp-content/uploads/sites/32/2020/03/DFEH-Employment-Information-on-COVID-19-FAQ_ENG.pdf. Ang factsheet ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga batas sa hindi pandidiskrimina ng California.
- Ipinagbibigay-alam ng Utos na Manatiling Mas Ligtas sa Bahay (Stay-Safer-At-Home Order) sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp sa mga negosyo na ipinagbabawal sa mga ito na magsagawa ng anumang hindi magandang pagkilos laban sa sinumang manggagawa dahil sa pananatili sa bahay kung kailangan nilang mag-isolate o mag-quarantine para sa alinman sa mga dahilang nakalista sa tanong #1.
- Marami sa mga programa ng pagliban sa trabaho ng San Francisco, Estado, at Pederal na Pamahalaan ang nag-aalok ng mga proteksyon para sa mga manggagawang dapat mag-isolate o mag-quarantine dahil sa COVID-19. Halimbawa, kukuha ka ng may bayad na pagliban dahil sa sakit mula sa San Francisco o California, Pang-emergency na Pagliban ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco, o pagliban dahil sa sakit o medikal na pagliban para sa pamilya sa ilalim ng Batas sa Pagtugon sa Coronavirus na Unahin ang Mga Pamilya (Families First Coronavirus Response Act, FFCRA), ang mga employer ay hindi maaaring magsagawa ng hindi magandang pagkilos laban sa iyo dahil liliban ka kaugnay ng COVID-19.
- Kung pakiramdam mo ay nadiskrimina ka, matutulungan ka ng Komisyon ng Oportunidad sa Patas na Pagtatrabaho (Equal Employment Opportunity Commission, EEOC) ng U.S. na maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-669-4000 o pagbisita sa kanilang website sa www.eeoc.gov/.

3) Nagpositibo ako sa COVID-19 at sinabihang mag-self isolate, pero kailangan kong magtrabaho. Ano ang puwede kong gawin?

- Kung **makapag-telework** ka, dapat mong kausapin ang iyong employer at alamin kung isa itong opsyon. Kung hindi ka makapag-telework, posibleng may karapatan kang tumanggap ng mga benepisyo ng may bayad na pagliban.
- Kung nakakuha ka na ng anumang **may bayad na pagliban dahil sa sakit** mula sa San Francisco o California, maaari mong gamitin iyon para mapunan ang iyong oras ng hindi pagpasok sa trabaho. Maaari mo ring gamitin ang iyong may bayad na pagliban dahil sa sakit kung



San Francisco Department of Public Health

isinasailalim ka sa pag-quarantine o kung kailangan mong mag-alaga ng isang kapamilya na inatasang mag-isolate o mag-quarantine dahil sa COVID-19.

- Sa California, inatasan ang karamihan sa mga employer na magbigay ng mga benepisyo ng may bayad na pagliban dahil sa sakit. Itanong sa iyong employer para malaman kung ilang oras ang naipon mo.
- Kung nagamit mo na ang lahat ng iyong pagliban dahil sa sakit, maaari kang gumamit ng iba pang araw ng pagliban gaya ng **bakasyon o may bayad na hindi pagpasok**. Pinakamainam na magtanong sa iyong supervisor para malaman kung ano ang pinapayagan.

4) Ano ang mga uri ng pagliban dahil sa sakit ang available para sa akin?

- Inatasan ng Ordinansa sa May Bayad na Pagliban dahil sa Sakit ng San Francisco (San Francisco Paid Sick Leave Ordinance, SF PSLO) ang lahat ng employer ng SF na magbigay ng may bayad na pagliban dahil sa sakit sa kanilang mga empleyado. Kinakailangan ng mga employer na ilista ang bilang ng mga available na oras ng may bayad na pagliban dahil sa sakit sa bawat empleyado sa kanilang mga paycheck. Makikita ang karagdagang impormasyon dito: <https://sfgov.org/olse/paid-sick-leave-ordinance-pslo>
- Inatasan ng Ordinansa sa Pang-emergency na Pagliban ng Pamublikong Kalusugan (Public Health Emergency Leave Ordinance, PHEL) ng San Francisco ang mga employer na may 500 o higit pang empleyado na magbigay ng dalawang linggong may bayad na pagliban dahil sa sakit na gagamitin para sa mga emergency na nauugnay sa COVID. Nakalista rin dapat ang mga oras ng PHEL sa paycheck ng empleyado. Makikita ang impormasyon dito: <https://sfgov.org/olse/>.
- Inatasan ng Batas sa Pagtugon na Pamilya Muna ng America (federal Families First American Response Act, FFCRA) ang mga employer na wala pang 500 ang empleyado na magbigay ng dalawang linggong may bayad na pagliban dahil sa sakit na gagamitin kung may sakit sila o mag-aalaga ng sinumang mayroong COVID (ilan sa mga posibleng dahilan). Makikita ang impormasyon dito: www.dol.gov/agencies/whd/pandemic/ffcra-employer-paid-leave.
Nakatakdang mag-expire ang FFCRA sa 12/31/2020 at hindi pa malinaw kung papahabain ito.

5) Mayroon akong COVID-19 o ang isang kapamilya at kailangang lumiban sa trabaho. Nagamit ko na ang lahat ng aking may bayad na pagliban dahil sa sakit o wala akong anumang may bayad na pagliban dahil sa sakit. Ano ang iba pang pinansyal na tulong na available sa akin habang hindi ako makakapagtrabaho?

- Mayroong programa ang estado para sa may kapansanan na magpapalit sa ilan sa kitang mawawala sa iyo habang hindi ka nagtatrabaho. Mag-apply online sa www.edd.ca.gov para sa **Insurance ng Estado para sa May Kapansanan (State Disability Insurance, SDI)**. Kakailanganing patunayan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o lokal na opisyal ng kalusugan ang iyong aplikasyon.
- Maaari kang maging kwalipikado sa **mga benepisyong bayad sa mga manggagawa**. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.dir.ca.gov/dwc/forms.html.
- Available ang **May Bayad na Pagliban para sa Pamilya** kung kailangan mong hindi pumasok sa trabaho upang alagaan ang isang kapamilya na may malalang sakit (magulang, biyenan, anak, asawa, kinakasama, kapatid, lolo at lola, o apo). Karaniwang 60% o 70% ito ng iyong bayad sa loob ng hanggang 6 na linggo. Maaari kang atasan ng iyong employer na gamitin mo ang hanggang dalawang linggo ng pagliban para sa bakasyon o may bayad na hindi pagpasok bago ka



San Francisco Department of Public Health

makakuha ng mga benepisyo ng May Bayad na Pagliban para sa Pamilya. Maaaring magsimula kaagad ang mga benepisyo pagkatapos ng iyong pagliban para sa bakasyon/May Bayad na Pagliban (Paid Time Off, PTO). Kakailanganing patunayan ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ang kundisyon sa kalusugan ng iyong kapamilya. Maaari kang gumawa ng claim sa www.edd.ca.gov/claims.htm.

- **Kung nagtatrabaho ka sa sektor ng pagkain** (kasama na ang bar/restaurant, grocery store, pasilidad sa paghahanda ng pagkain, serbisyong naghahatid ng pagkain, o kumpanya ng transportasyon) at may mahigit sa 500 empleyado ang iyong employer, may karapatan ka sa karagdagang 80 oras ng may bayad na pagliban mula sa iyong employer sa pamamagitan ng batas sa Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit para sa COVID-19 ng California. Humanap ng higit pang impormasyon dito: www.dir.ca.gov/dlse/COVID-19-Food-Sector-Workers-poster.pdf.

6) Mayroon akong COVID-19 o ang isang kapamilya, pero maayos ang pakiramdam ko at kailangan kong magpatuloy sa pagtatrabaho. Hindi ba ako maaaring pumasok sa trabaho gaya ng karaniwan pero magsusuot ako ng mask?

- HINDI! Dapat na sundin ng mga may sakit na empleyado ang [mga inirerekomendang hakbang ng Mga Sentro para sa Pakontrol at Pag-iwas sa Sakit \(Center for Disease Control and Prevention, CDC\)](#) na mag-isolate. Hindi dapat bumalik sa trabaho ang mga empleyado hanggang sa matugunan ang mga pamantayan para [ihinto ang pag-isolate sa bahay](#), na ikinonsulta sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaaring mas maraming tao ang magkasakit kapag bumalik sa trabaho bago ang panahong ito.

7) Kung tinanggal ako o hiniling na magtrabaho sa mas kaunting oras dahil sa coronavirus, ano ang mga resource na makakatulong sa akin?

- Maaaring available para sa iyo ang mga benepisyong Insurance sa Pagkawala ng Trabaho (Unemployment Insurance, UI). Maaari kang maghain ng claim sa Departamento ng Development ng Pagtatrabaho ng California sa www.edd.ca.gov/Unemployment/ para makatanggap ng mga benepisyo sa pagkawala ng trabaho na karaniwang nasa pagitan ng \$40 - \$450.
- Kung isa kang manggagawang may shift at pumasok ka sa trabaho pero maagang pinauwi dahil matumal ang negosyo, maaari kang makakuha ng part-time na bayad sa ilalim ng site ng probisyon ng Bayad sa Oras ng Pagpasok (Reporting Time Pay) dito www.dir.ca.gov/dlse/FAQ_ReportingTimePay.htm. Gayunpaman, hindi ito nalalapat kung ang iyong lugar ng trabaho ay sinabihan ng mga awtoridad ng pamahalaan na magsara.

8) Ipapaalam ba sa aking employer kung nagpositibo ako sa COVID-19 o nagkaroon ng malapitang pakikipag-ugnayan sa isang taong may COVID-19?

- Makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco sa iyong lugar ng trabaho kung boluntaryo mong ibibigay ang lokasyon ng iyong trabaho at isasaad na posibleng nakakahawa ka habang ikaw ay nasa trabaho o nalantad ka sa lugar ng trabaho. Kapag ibinigay ang impormasyong ito, matutulungan ang mga awtoridad sa kalusugan na bigyan ng



San Francisco Department of Public Health

kakayahan ang iyong employer na tasahin ang iba pang potensyal na pagkakalantad sa COVID-19 ng mga katrabaho mo. Kung kinakailangan, ihahayag ang pangalan mo sa iyong supervisor o sa iyong departamento ng mga ugnayan sa tao, pero hindi ito ihahayag sa mga katrabaho mo.

- Kung gusto mong ipaalam sa iyong employer, maaari mo ring ipadala ang liham na ito mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco sa www.sfgdcp.org/workletter.

9) Kung ako o ang isang taong kakilala ko ay manggagawang walang dokumento, ano ang mga mapagkukunan ng impormasyon na maaari kong tingnan?

- Ang mga manggagawang walang dokumento ay may karapatan sa maraming batas at programa ng Estado at San Francisco, kasama na ang may bayad na pagliban dahil sa sakit mula sa San Francisco at California, Pang-emergency na Pagliban ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco, Insurance para sa May Kapansanan, May Bayad na Pagliban para sa Pamilya, at Bayad ng Mga Manggagawa (mga detalye sa Tanong #3 at #4). Ang mga manggagawang walang dokumento ay hindi kwalipikado sa Insurance sa Pagkawala ng Trabaho mula sa Estado at sa pederal na Batas sa Pagtugon sa Coronavirus na Unahin ang Mga Pamilya.
- Ang Lungsod at County ng San Francisco ay nagbibigay ng ilang opsyon para sa mga manggagawang walang dokumento sa kanilang site na Tulong para sa Mga Immigrant sa Panahon ng Coronavirus (Help for Immigrants During Coronavirus) sa <https://sf.gov/information/help-immigrants-during-coronavirus>.
- Nagbibigay ang Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California ng tulong na ayuda sa sakuna na pinopondohan ng estado sa mga walang dokumentong nasa hustong gulang na hindi makakuha ng ibang uri ng tulong. Ang walang dokumentong nasa hustong gulang na magiging kwalipikado ay makatatanggap ng \$500 na may maximum na \$1000 na tulong sa bawat sambahayan. Makikita ang listahan sa <https://cdss.ca.gov/inforesources/immigration/covid-19-drai>.
- Ang Techqueria ay pondo para sa mga manggagawang walang dokumento. Makakakuha ka ng pinansyal na tulong kung isa kang walang dokumentong immigrant sa Bay Area sa <https://lp.techqueria.org/tq-covid-fund>.
- Tumutulong ang Undocufund SF sa mga manggagawa at pamilyang walang dokumento. Maaari kang humingi ng tulong kung ikaw ay nakatira, nagtatrabaho o kamakailang nawalan ng trabaho sa San Francisco sa www.undocufund-sf.org/en/apply/.
- Ang programang Karapatang Makabangon (Right to Recover) sa <https://oewd.org/employees-impacted-covid-19>, ay nagtitiyak ng dalawang linggo ng kapalit sa pinakamababang sahod, o \$1285, sa sinumang manggagawa na nakatira sa San Francisco na nagpositibo sa COVID-19 sa isang testing site o ospital ng Lungsod. Kapag nagpositibo ang isang tao, makatatanggap siya ng tawag mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan. Tatanungin siya kung kailangan niya ng pinansyal na tulong upang ligtas na makapag-quarantine. Kung oo ang isasagot niya, makatatanggap siya ng follow up na tawag mula sa isang grupo sa komunidad na tutulong upang makapagpadala sa kanya ng tseke. Maaaring tumawag ang manggagawa sa Linya ng Impormasyon para sa Manggagawa sa 415-701-4817 kung hindi niya nasagot ang unang tawag sa telepono at gusto niyang humingi ng tulong.



San Francisco Department of Public Health

10) Ano ang mga mapagkukunan ng impormasyon na mayroon ang mga Self-employed / Independent na Kontratista / “Gig Worker”?

- May bagong programang tinatawag na Tulong sa Pagkawala ng Trabaho sa Panahon ng Pandemya (Pandemic Unemployment Assistance, PUA) para sa mga self-employed na nasa hustong gulang at independenteng kontratista na karaniwang hindi nakakakuha ng Insurance sa Pagkawala ng Trabaho. Kakailanganin mong mag-apply sa mga benepisyong Insurance sa Pagkawala ng Trabaho sa site ng Departamento ng Development ng Pagtatrabaho (Employment Development Department, EDD) ng California sa www.edd.ca.gov upang makakuha ng tulong.
- Maaari ka pa ring maging kwalipikado sa regular na Insurance sa Pagkawala ng Trabaho, Insurance ng Estado para sa May Kapansanan, o May Bayad na Pagliban para sa Pamilya. Maaari itong mangyari kung pakiramdam mo ay inilagay ka sa maling klasipikasyon o nagtrabaho ka bilang empleyado bago maging self-employed. Maaaring kailangan mong magsumite ng claim sa maling klasipikasyon na kasabay ng pagsusumite mo ng iyong claim sa insurance sa pagkawala ng trabaho. Makakahanap ng karagdagang impormasyon dito: www.labor.ca.gov/employmentstatus/workers/#rights.

11) Kailangan ko ba ng sulat para sa trabaho?

- Hinikayat ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco ang mga employer na huwag manghingi ng sulat para manatili sa bahay o bumalik sa trabaho sa mga empleyado. Makikita ang impormasyong ito sa aming website sa: www.sfcddcp.org/rtw. Bilang karagdagan, ang mga employer ay maaaring hindi manghingi ng sulat ng doktor para sa mga empleyadong gagamit ng may bayad na pagliban dahil sa sakit mula sa San Francisco o Pang-emergency na Pagliban ng Pamublikong Kalusugan.
- Ipinagbibigay-alam ng Utos na Manatili sa Bahay (Shelter in Place Order) sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp sa mga negosyo na ipinagbabawal sa mga ito na magsagawa ng anumang hindi magandang pagkilos laban sa sinumang manggagawa dahil sa pananatili sa bahay sa mga sitwasyong nakalista sa pahina 3 ng Appendix A, seksyon 2.1 hanggang 2.4.

12) Kailangan ko ba ng negatibong pagsusuri para sa COVID-19 para makabalik sa trabaho?

- Kapag nakumpleto mo na ang kinakailangang panahon ng pag-self isolate o pag-quarantine at hindi ka itinuturing na nakakahawa, maaari ka nang bumalik sa trabaho. Alinsunod sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit at sa Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, hindi dapat hilingin ng mga employer na magbigay ng katibayan ng negatibong pagsusuri sa COVID-19 ang mga empleyadong na-diagnose ng COVID-19.
- Sa ilang lugar ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring kailanganin ng pagsusuri bago ka makabalik sa trabaho. Magtanong upang malaman kung may mga karagdagang patakaran at pamamaraan ang iyong employer kung nag-self isolate o nag-quarantine ka dahil sa COVID-19. Para sa partikular na gabay, pakitingnan ang www.sfcddcp.org/covid19hcp sa ilalim ng “Pangmatagalang Pangangalaga at Pangangalaga sa Nakakatanda.”



San Francisco Department of Public Health

13) Nalilito ako sa lahat ng iba't ibang programa. May makakatulong ba sa akin na maunawaan ang mga ito?

- Kung nalilito ka sa lahat ng lokal, pang-estado at pambansang opsyon, may available na linya ng tulong. Matutulungan ka ng Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco na makakuha ng mga sagot – maaari silang makaugnayan sa kanilang website na www.oewd.org/employees-impacted-covid-19, sa teleponong 415-701-4817, o sa email na workforce.connection@sfgov.org.

Mga Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Lokal:

Saan makakakuha ng pagsusuri para sa COVID-19 sa San Francisco
www.sf.gov/find-out-how-get-tested-coronavirus

Tulong para sa mga immigrant sa panahon ng coronavirus
www.sf.gov/information/help-immigrants-during-coronavirus

Pansamantalang Gabay: Pag-alis sa Pag-isolate o Pagbabalik sa Trabaho para sa Mga May Kumpirmado o Pinaghihinalaang may COVID-19
www.sfcpcb.org/rtw

Impormasyon ng Pag-isolate at Pag-quarantine sa English at iba pang wika
www.sfcpcb.org/i&q

Site ng Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco tungkol sa COVID-19
www.oewd.org/employees-impacted-covid-19

Tanggapan ng Pagpapatupad ng Mga Pamantayan sa Paggawa ng San Francisco
www.sfgov.org/olse

Kasalukuyang Utos sa Kalusugan na Manatili sa Bahay
www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp

Techqueria
<https://lp.techqueria.org/tq-covid-fund>

UndocFundSF
www.undocufund-sf.org/en/apply/



San Francisco Department of Public Health

Estado:

Tulong na Ayuda sa Sakuna para sa Mga Immigrant (Disaster Relief Assistance for Immigrants, DRAI) ng California

<https://cdss.ca.gov/inforesources/immigration/covid-19-drai>

Mga FAQ sa Mga Batas na Ipinapatupad ng Tanggapan ng Komisyonado ng Paggawa ng California

www.dir.ca.gov/dlse/2019-Novel-Coronavirus.htm

Batas sa Malusog na Lugar ng Trabaho at Malusog na Pamilya ng 2014 (AB 1522)

www.dir.ca.gov/DLSE/ab1522.html

May Bayad na Pagliban para sa Pamilya, Tulong sa Pagkawala ng Trabaho sa Panahon ng Pandemya, SDI Online at Insurance sa Pagkawala ng Trabaho

www.edd.ca.gov

Mga Batas sa California na Ipinagbabawal ang Pagganti at Diskriminasyon

www.dir.ca.gov/dlse/HowToFileLinkCodeSections.htm

FAQ tungkol sa COVID-19 ng Departamento ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay ng California

www.dfeh.ca.gov/wp-content/uploads/sites/32/2020/03/DFEH-Employment-Information-on-COVID-19-FAQ_ENG.pdf

Karagdagang May Bayad na Pagliban Dahil sa Sakit para sa Mga Manggagawa ng Sektor ng Pagkain

www.dir.ca.gov/dlse/COVID-19-Food-Sector-Workers-poster.pdf

Mga Mapagkukunan ng Manggagawa

www.labor.ca.gov/employmentstatus/workers/#rights

Pambansa:

Batas sa Pagtugon sa Coronavirus na Unahin ang Mga Pamilya: Mga May Bayad na Pagliban na Iniaatas sa Employer

www.dol.gov/agencies/whd/pandemic/ffcra-employer-paid-leave

Batas sa Pagtugon sa Coronavirus na Unahin ang Mga Pamilya: Mandatoryong kinakailangang pagpapaskil na naglalayong matiyak na nauunawaan ng mga empleyado ang kanilang mga karapatan.

www.dol.gov/sites/dolgov/files/WHD/posters/FFCRA_Poster_WH1422_Non-Federal.pdf

Site ng COVID-19 ng Komisyon ng Oportunidad sa Patas na Pagtatrabaho ng U.S. para sa paghahain ng claim

www.eeoc.gov/newsroom/eeoc-continues-serve-public-during-covid-19-crisis

Impormasyon tungkol sa COVID-19 ng Departamento ng Patas na Pagtatrabaho at Pabahay ng California

www.dfeh.ca.gov/wp-content/uploads/sites/32/2020/03/DFEH-Employment-Information-on-COVID-19-FAQ_ENG.pdf